# 1

"Life is so unfair!" bulalas ni Winona matapos ibaba ang receiver ng telepono.

"Bakit, sino ba ang kausap mo?" baling sa kanya ng kanyang kaibigang si Lyka. Nasa tabi niya ito at inaayos ang fresh flowers na nabili sa labasan.

Nilapitan niya ito. Kumuha siya ng ilang tangkay ng bulaklak na nakapatong sa mesa at basta lang isinuksok sa bunganga ng flower vase.

"Huwag ka ngang makialam!" Inis na pinalo nito ang kamay niya sabay hugot ng mga bulaklak na nilagay niya sa plorera para muling ayusin ang mga ito. "Ano ba ang problema mo?"

Humugot muna siya nang malalim na hininga. "Darating na sina Michelle."

Saglit na napatanga si Lyka bago nakapagsalita. "Ano'ng problema doon? Natural na umuwi sila dahil sa reunion ninyo."

Sa mismong kaarawan ng Lolo Faustino niya gaganapin ang grand family reunion nila. Her grandfather was a widower and would be turning

eighty-five years old in a month's time.

Nararamdaman na nito na hindi na ito magtatagal sa piling nila kaya nais nitong bago pumanaw ay maisaayos na ang lahat ng ari-arian nito para maipamudmod sa lahat ng miyembro ng angkan nito.

Anim ang naging anak ng lolo niya. Dalawang lalaki at apat na babae. Ang panganay na si Manuel ay sa Maynila naninirahan kasama ng pamilya nito samantalang ang pangalawa sa bunsong si Roger ay sa Dumaguete nakatira pati ang napangasawa nito at ang nag-iisang anak na si Michelle. Ang tatlong tiyahin niya ay pawang sa mansion ng lolo niya nakatira kasama ang matanda.

Si Lolo Faustino na yata ang kilala niyang pinakamayamang tao sa kanilang probinsya. He was a self-made man. Hindi ito nakapag-aral, pero sadyang may angking talino. Nagsimula ang kabuhayan nito sa pagpapautang ng five-six at nang makaipon ng sapat na kapital ay nagtayo ito ng lending company sa mismong bayan ng Cumadcad. Nagkaroon iyon ng sangay sa Maynila na siyang pinamamahalaan ng kanyang Tito Manuel.

His lolo was a generous man but he sure was shrewd, too. Hindi ito basta nagbibigay ng tulong nang walang kapalit. Kaya siguro ito yumaman

nang ganoon na lamang dahil may pagkawais ito pagdating sa pera. Literal kasi ang paniniwala nito sa kasabihang 'whatever you give to others will return to you a hundred fold'.

Marami rin ang takot dito kabilang na si Winona. Pati kaluluwa niya ay namumutla sa tuwing nakikita niyang galit ang lolo niya. He was a formidable man. Hindi madali para rito ang magpatawad sa kasalanang nagawa ng kapwa.

Kagaya na lang ng kanyang ina. Her mom was his youngest child. Sunod ang lahat ng layaw nito, binihisan ng magagarang damit at pinag-aral pa sa exclusive school kaya lumaking may katigasan ang ulo.

Ayon sa kuwento ng mga katulong noon, na-in love ang mommy niya sa isang kaklase sa kolehiyo, pero mahigpit na tinutulan ng matanda ang pag-iibigan ng dalawa. Hindi nabibilang sa alta sociedad ang ama ni Winona at wala itong maipagmamalaki sa kanilang angkan.

Nagrebelde ang kanyang mommy kaya ang siste, lumabas siya nang wala sa oras sa mundong ibabaw. Pero hindi sapat na dahilan ang pagbubuntis nito para bigyan ng kalayaan ang mommy niya. Ikinulong ito sa mansion para tuluyan nang mawalan ng ugnayan

sa kanyang ama. Balitang-balita noon na binayaran daw ng kanyang lolo at lola ang kanyang ama para layuan ang kanyang ina.

Ito siguro ang dahilan kung bakit namatay ito nang isilang siya. Her mom could not take the ridicule she faced while carrying Winona in her womb.

Ang matatandang Barronzo ang nag-aruga sa kanya hanggang sa siya ay makapagtapos ng pag-aaral. Kinupkop man siya ng mga ito, pero hindi maitatatwang malayo ang loob ng buong pamilya sa kanya, lalo na ang kanyang abuelo at abuela. Hindi rin siya close sa kanyang mga tiyuhin at tiyahin. And the fact that she was an illegitimate child haunted her like a ghost until now.

Hindi pa rin lubusang pinapatawad ang kanyang ina ng buong angkan nila dahil ito ang nagbigay ng malaking kahihiyan sa kanilang pamilya.

It had become an unwritten rule or maybe because of what happened to her mom, hindi na nakapag-asawa pa ang mga tiyahin niya. Walang nangahas manligaw sa mga ito sa takot na baka matulad lamang ang mga ito sa kanyang mga magulang.

Tanging ang mga lalaking Barronzo lamang ang

nakapag-asawa at sa kasamaang palad ay isa lang sa anak nitong lalaki ang nagkaroon ng supling at iyon nga si Michelle.

Matanda siya rito ng isang taon at lumaki silang hindi nagkakasundo. Ito kasi ang pet ng lolo at lola niya. Hindi na niya pinagtatakhan kung bakit ito ang naging paboritong apo sa kanilang dalawa. Ang mga lolo at lola niya mismo ang pumili ng mapapangasawa ng Tito Roger niya. Parehong doctor ang tiyuhin niya at ang napangasawa nitong si Glenda. Lehitimong anak ng mga ito si Michelle kung ikukumpara sa kanya na malaking iskandalo ang naibigay sa buong pamilya. To them she would always be an outcast, a disgrace to the Barronzo family.

Lumaki siyang naging mas malapit ang kalooban sa anak ng labandera nila—si Lyka. Kaedad niya ito at naiintindihan ang kalagayan ng buhay niya sa piling ng mga tunay na kadugo. Ito rin ang nagbigay sa kanya ng sapat na lakas ng loob upang lisanin ang mansion at mamuhay nang solo, malayo sa mga mapang-aping kamag-anak.

Lalo pa silang naging malapit na magkaibigan nang tumanda na sila. Maybe because both Lyka and her mom had the same fate in life. Her friend had a child out of wedlock at siya ang ninang ng

anak nitong si Patrick. Ginawa niya itong assistant sa kanyang itinayong negosyo para hindi na nito kailangang umasa sa sustento ng ama ni Patrick.

Three years ago, nagtayo siya ng coffee shop cum drugstore sa mismong bayan ng Cumadcad at tinawag niya itong *Heavenly Haven*. Her shop was one of a kind in their place.

Aside from being the sole drug dealer in their place, her business also had a coffee shop at one corner. Nagtayo rin doon ang kaibigang si Lyka ng isang maliit na rentahan ng pocketbooks para sa customers nila.

Mahilig itong magbasa ng mga romance pocketbook at dahil sa dami na ng naipon nito, naisipan nilang i-display at paupahan ang mga ito sa coffee shop niya. Palibhasa nag-iisa ang ganoong klase ng negosyo sa kanilang lugar, natural lang na malaki rin ang kinikita nilang magkaibigan.

Bago siya naging negosyante ay napasok muna siya sa isang malaking kompanya bilang ahente ng mga gamot. Dahil nahasa sa pakikihalubilo sa iba't ibang uri ng tao, madali niyang nakagamayan ang trabaho. Malaki ang kinikita niya bilang ahente roon. She stayed there for almost eight years but she decided to leave the company when she had saved

enough money to start her own drugstore business.

Hindi lang ang negosyong itinayo ang pinagkakaabalahan niya. Isa rin siya sa mga regular na nagbibigay ng donasyon sa isang bahay-ampunan malapit lang sa kanyang shop. Ahensya ito ng mga batang ipinaampon ng walang silbing mga magulang. Dito niya malimit dinadala ang mga sample ng gamot na ibinibigay sa kanya ng kanyang mga suppliers.

---

“Saan ako kukuha ng boyfriend?” nagpa-panic na tanong ni Winona.

Napatigil sa ginagawa si Lyka at natulalang hinarap siya. “Hinaluan mo ba ng aphrodisiac ang kape mo? Ba’t ka naghahanap ng lalaki? Akala ko ba magpapakatandang dalaga ka na lang?”

“Ano ba?” inis na ginulo niya ang buhok niya. Sa edad na beinte-nueve, hindi malayong matawag na siyang old maid. She did not have time for relationships then because she became too busy proving her worth to the whole family.

Ayaw niyang matulad sa mommy niya at pilit niyang pinakaiiwasan na dumating ang panahon na kailangan niyang mamili between her man at ang pamilya niya, dahil siguradong may masasaktan.

"Puwedeng isabay mo na rin ako sa paghahanap ng boyfriend?" hirit ni Lyka.

"This is not the time for jokes. I need to have a boyfriend ASAP!" she snapped.

"Wow! At nagpa-panic nga ang lola!" bulalas ni Lyka. "Ano ba'ng nakain mo? Kanina lang, may pa-'life is so unfair' ka pa. Ngayon naman, naghahanap ka ng lalaki."

"Lyka, binigyan ako ni Lolo Faustino ng ultimatum."

Kumunot ang noo nito. "Bakit? Ano'ng ginawa mo?"

"Iyon na nga. Wala akong ginagawa kaya tuluyan nang nabuwisit si Hitler." Iyon ang bansag niya sa lolo niya dahil sa bagsik nito.

"Explain please." Lalong kumunot ang noo ng kaibigan sa sinabi niya.

"Ibibigay raw niya ang mamanahin ko kay Michelle kapag hindi pa ako nag-asawa on or before the grand family reunion."

Her grandpa was still hoping she would not become an old maid all her life. Ayon mismo kay Lolo Faustino, hindi raw dapat mangyari sa kanya

ang kinahinatnan ng mga tita niya na hindi nagsipag-asawa.

Kapag dumating ang reunion nila na wala pa rin siyang asawa, huwag na raw siyang umasa na may matatanggap pa siya mula rito. Tingin niya her grandfather did it deliberately para nga naman may rason itong ibigay ang lahat kay Michelle.

"Ay, problema nga!" usal ng kausap.

Huminga siya nang malalim. Gusto niyang magwala sa pagmamanipula ng lolo niya sa buhay niya pero ang tanong: kaya ba niyang kalabanin ito?

"Wala nang pag-asang makuha ko iyon. Tiyak kay Michelle na niya ibibigay, lalo pa ngayong isasama raw nito ang mapapangasawa pag-uwi."

Natakpan ni Lyka ng kamay ang bibig sa pagkagulat. Naglakihan pati ang mga mata nito. "Mag-aasawa na si Michelle?"

"Si Lolo mismo ang tumawag." Inginuso niya ang telepono sa katabi niya. "Darating na sa makalawa si Michelle."

Sa Dumaguete ito nakatira kasama ng mga magulang. Bumili si Lolo Faustino ng malaking lupain doon at pinatayuan ng hospital. Ang Tito Roger niya

ang namamahala noon.

"Aba'y dapat palang kumilos ka na bago ka maagawan ng mamanahin ng bruhang iyon!"

Iyon nga ang problema ni Winona. Nag-asawa na ang kahuli-hulihang manliligaw niya at imposible namang basta lang siyang manghablot ng lalaking ipapakilala sa kanyang lolo makuha lang ang mana.

Napabuntong-hininga siya. If she could have her way, she would rather stay single for the rest of her life. Eh, ano kung malapit na siyang maging thirty years old at nag-iisa pa rin sa buhay? Hindi na pinagtatawanan at kinukutya ng lipunan ang mga babaeng old maid sa panahon ngayon hindi katulad noon na halos ay ibitay nang patiwarik ang mga ito.

Sa hirap ng buhay, mas natutuwa pa nga ang gobyerno kung hindi na magsisipag-asawa ang mga tao. Hindi na mamumroblema sa pagpapakain ng mga ito, hindi pa sisikip ang mundo.

Kung tutuusin nga ay kaya na niyang magbuhay-mayaman sa laki ng kinikita niya sa kanyang negosyo. She did not have to depend on her relatives' financial support for her own existence because she could very well fend for herself.

Ngunit gusto pa rin niyang magprotesta dahil

sa pag-manipulate ng lolo niya sa kanyang sariling buhay. Hanggang ngayon ba ay hindi pa rin siya nito makuhang mahalin? Obvious namang hanggang ngayon ay pinahihirapan siya nito at pinagbabayad sa kasalanang hindi naman siya ang gumawa. Bakit kailangang sa kanya ito gumanti samantalang kung tutuusin ay isa rin siyang biktima?

At si Michelle. Siguradong mas lalo itong magiging mayabang at mapagmataas sa oras na ito nga ang tumanggap ng mana niya. Lalo lang nitong yuyurakan ang kanyang pagkatao. Mas lalo lang siya nitong mamaliitin.

“Huwag kang pumayag na mawalan ka ng mana. Aba’y sinusuwerte na niyan si Michelle!” matigas na sabi ni Lyka.

“Iyon na nga ang iniisip ko. Kaso saan naman ako kukuha ng mapapangasawa?” daing niya.

# 2

"Si Esteban. Sikat naman iyon, ah… dahil palaging naba-barangay," usal ni Lyka.

"Gusto mo, sa iyo na," singhal ni Winona.

Sukat ba namang si Teban pa ang naisip nitong ireto sa kanya, eh, isang langaw na lang yata ang hinihintay na magsampa ng kaso rito at nang tuluyan nang makalaboso. Super tsismosong tao ito kaya madalas nasa barangay hall dahil malimit ireklamo ng mga kapitbahay.

May-kaya rin ang angkan nito at best friend ni Michelle ang nakababatang kapatid nitong si Linda. Palibhasa parehong sosyalera kaya nagkabagay ang mga ito.

"Si Badong kaya?" suhestiyon uli ng kanyang kaibigan. "Binata pa naman iyon hanggang ngayon. Saka nanligaw iyon sa iyo noon, di ba?"

Kaklase nila ito na naging isang pulis. Mahilig itong mangikil sa mga nagtitinda sa palengke kung saan ito nakadestino. Palagi itong may bitbit na malaking isda o di kaya ay karne ng baboy at ibinebenta rin sa iba kaya marami itong pera. Dati

niya itong manliligaw na huminto na lang dahil ilang ulit na niya itong binasted.

“Huwag na lang, ‘no!” nandidiring tugon niya.

“Ayaw mo noon? Libre na ang ulam ninyo umaga, tanghali at gabi.”

“Heh! Tumigil ka na nga kung wala kang masabing maganda,” saway niya rito.

Mayamaya ay naging seryoso ang mukha nito at tila nahulog sa malalim na pag-iisip. Nagulat pa siya nang bigla itong tumili.

“Si John!” excited na nagtatalon-talon ito sa harap niya. Kulang na lang ay mag-tumbling ito.

“John who?” halos magsalubong ang mga kilay niya.

Tumigil ito sa ginagawa. Nilapitan siya at niyugyog ang mga balikat niya. “Ano ka ba? Si John, di mo pa kilala?”

“Si… si John?” Suddenly, she felt a mixture of anticipation and excitement rushed through her.

“Korak, the one and only John!”

“Ako ba ang pinag-uusapan ninyo?” Kamuntik nang mapatalon si Winona sa ulong bumulaga sa

pinto ng shop nila.

"Ano ba!" tutop ang dibdib na sita niya ang may-ari ng ulo. "Aatakihin ako sa iyo sa puso."

"Akala ko, makukunan ka." Ngumisi ito sa kanya. Pumasok ito sa loob at naupo sa isa sa mga stool na nakapuwesto sa kanilang counter.

As he sat next to her, she became aware of a cool masculine scent in the air. She realized the scent was coming from him. John was obviously fresh from bath. Basa pa nga ang buhok nito.

Natigilan si Winona. Lagi nga bang ganito kabango ang lalaki?

Matagal na kasing hindi niya binibigyan ng pansin ang ayos o amoy nito. But now, he was unmistakably wearing a perfume, a masculine scent she instantly liked. For some reason, she found it vaguely disturbing.

Pasimpleng tumayo siya at tinungo ang kabilang banda ng counter kung saan naroon ang cash registry upang doon pumuwesto. Naupo siya sa harap niyon at siniguro niyang may distansya silang dalawa ng binata.

Kaibigan nila ito ni Lyka mula pa pagkabata.

Matanda ito sa kanila ng dalawang taon. Anak ito ng dating katiwala ng lolo niya sa hacienda at malimit ay naroon ito para tumulong sa mga gawain.

Sa kanila ni Lyka ito malapit which made Michelle more mad at her. Guwapo kasi si John at hindi lingid sa kanilang tatlong magkakaibigan na may gusto rito ang pinsan niya. Unfortunately, her feelings were not reciprocated.

Ang totoo ay naging crush din nila ito ni Lyka noon. There was a time in Winona's life when she felt some longing for John in a way that had nothing to do with friendship. Halos ito na lang palagi ang laman ng panaginip niya.

Nininerbyos siya kapag kaharap niya ito, pero hindi naman siya mapakali kapag hindi niya ito nakikita. She wanted him to like her the very same way she liked him… that somehow he would start showing signs that he wanted their relationship to elevate into something more than friendship.

Pero hindi nangyari ang gusto ni Winona.

Hindi siya nito niligawan at nasugatan ang bata at inosente niyang puso. She realized that she would never be the kind of girl John would like to have for a girlfriend.

Mula noon ay tinanggap na ni Winona na kaibigan lang talaga ang turing ni John sa kanya. Alam niyang dala lang ng awa kung bakit mas malapit ito sa kanya kaysa sa maldita niyang pinsan. Saksi ito kung paano siya laitin ng mag-inang Glenda at Michelle.

Ang pagiging magkaibigan nila ay bahagyang naputol nang tumuntong na sila sa kolehiyo. John left their hometown and stayed with his relatives somewhere in the north.

Biglaan kasi ang pagkaulila nito sa mga magulang. Nahulog ang tatay nito nang umakyat sa puno ng niyog at hindi na ito nailigtas pa. Sa sobrang sama ng loob sa biglaang pagpanaw ni Mang Gusting, inatake sa puso ang nanay ni John.

John constantly sent her letters while he was away. Nabalitaan niyang nagtrabaho ito bilang isang mekaniko sa talyer ng tiyuhin nito sa umaga at sa gabi naman ay nag-aaral ito sa isang kalapit na vocational school kung saan kumuha ito ng kursong automotive technology.

Nag-abroad si John pagkatapos nitong mag-graduate. He spent long years working in Japan as a mechanic. Dahil binata pa, nakaipon ito ng sapat na puhunan para makapagsimula ng negosyo pagbalik ng Pilipinas.

Bumalik ito sa kanilang bayan at nagtayo ng sariling talyer sa mismong bahay nito. Nag-iisa na lang kasi itong namumuhay dahil wala itong kapatid.

"Bago iyan makunan, kailangang maghanap muna iyan ng fafah," putol ni Lyka sa pagmumuni-muni ni Winona.

Binigyan nito ng isang tasang kape at chicken sandwich ang binata. Iyon ang paboritong merienda ni John.

"Mukhang seryoso iyang pinag-uusapan ninyo, ah. Ako ba ang napiling fafah nitong kaibigan mo?" anito. Sumubo ito ng pagkain.

Namula siya sa tinuran nito. "Wala akong sinasabing ganyan, ah!" Pinandilatan niya ng mga mata si Lyka. "Tumigil ka na nga!"

"Kunsabagay, Winona. Dapat nga siguro magmadali ka na. Aba'y malapit ka nang maunahan ni Michelle. Narinig mo na ba ang balita?" Hindi napansin ng lalaki ang ginawa niya sa kaibigan kaya tuluy-tuloy ang pagsasalita nito.

"Ano'ng balita?" takang tanong niya.

"Di ba uuwi si Michelle at kasama pang dadalo sa reunion ninyo ang mapapangasawa niya?"

"Sino'ng maysabi sa iyo?" tanong ni Winona.

"Si…" Humigop muna ito ng kape.

"Ano?" untag dito ni Lyka. Hindi pa nagkasya ay bahagyang pinalo nito ang kamay ng binata na may hawak ng tasa ng kape.

"Teka!" nabiglang saway nito. "Ano ka ba naman, Lyka. Gusto mo pa yatang malapnusan ang lalamunan ko?" Nagmadali itong kumuha ng tissue at mabilis na nagpunas ng bibig.

"Sorry. Ang tagal mo kasi, may pa-suspense-suspense ka pa." May himig-reklamo ang boses ni Lyka.

"Nakita mo nang nabilaukan ako. Parang may buto pa 'ata ng manok ang nakain kong tinapay." Hinimas nito ang napasong lalamunan. "Pakihimas nga," utos nito sa kanya.

"Ano ba, John? Magkukuwento ka ba o ibubuhos ko sa ulo mo ang laman ng percolator?" Hindi na siya nakatiis.

"Sungit talaga nitong old maid na ito," iiling-iling na sabi nito.

"Isa pa," babala niya.

"Eto na, nanginginig pa." Humigop muna ang binata ng kape. "Sino pa kundi si Teban. Dito raw magpapakasal ang dalawa para engrande. Imbitado lahat ng kababaryo natin."

"Dito?" Sabay silang napamulagat ni Lyka. Walang sinabing ganoon sa kanya kanina ang lolo niya. "Kailan daw?"

"As soon as possible, ayon na rin kay Teban mismo."

"Ang lagay na iyan, hindi naman siya nagmamadali?" Lumaki ang mga butas ng ilong ni Lyka.

"Totoo ba iyan?" nagdududang tanong niya.

Kibit-balikat ang sagot ni John. "Baka talagang kakandidato si Michelle bilang mayora sa susunod na eleksyon."

Hindi lingid sa kaalaman nila ang pangarap na iyon ng pinsan niya. Matagal na nitong gustong subukan ang larangan ng pulitiko.

"Maraming botante ang mabibiyayaan kapag nagkataon," dagdag pa ni John.

"Dapat siguro magpalista na kaagad ako." Ngising-aso si Lyka.

"Magdo-donate daw ng isang milyon si Michelle sa munisipyo. Gagamitin para sa supply na gamot sa mga indigent." Bumaling ito sa kanya. "Chikahin mo'ng pinsan mo para sa iyo na lang bumili ng mga gamot."

"Isang milyon?" nanginginig na tanong ni Winona. Hindi na niya narinig ang ibang sinabi ng binata. "Saan siya kukuha noon?"

"Malay ko. Baka nanalo sa lotto," walang anumang sabi nito.

Shit! Shit! Gusto niyang magmura pero nagpigil siya. Ang lagay, nakakasiguro na nga itong wala siyang makukuhang mana?

Sigurado siyang orchestrated lahat ng pinsan niya ang pagtawag nito kina Esteban. Alam nitong kakalat kaagad ang sinabi nito sa buong bayan ng Cumadcad. Aasa ang mga tao na tatanggap ito ng malaking pera mula sa lolo nila at mamumudmod ito sa taumbayan bilang donasyon, dahil nga kakandidato ito.

Sino nga ba naman ang tatanggi sa grasyang ibibigay nito?

If Michelle would win in the coming elections, she was sure her cousin would just use the power for her own advantage. Wala itong pakialam sa kapwa

at mas lalong wala itong pagmamalasakit sa mga kababayan nilang dukha. Napakamatapobre nito kahit noon pa man.

"Hindi ako papayag!" wala sa sariling bulalas niya.

Napatigil sa pagkain si John. Sinipat siya nito. "May balak ka ring kumandidato?"

"Wish mo lang," tatawa-tawang sagot ni Lyka.

"O, ba't parang bigla kang naging si Gabriela Silang? Kulang na lang sa iyo, umusok ang mga butas ng ilong."

"Basta! Hindi ako papayag na mangyari ang binabalak niya!" Padabog niyang ibinagsak ang kamao sa ibabaw ng counter.

Panahon na para turuan ng leksyon si Michelle. Tama na ang pagiging spoiled brat nito. Hindi na siya papayag na muli siya nitong apak-apakan.

Bakit ba? Pareho lang naman silang Barronzo, ah!

# 3

“Totoo ba iyon?” hindi makapaniwalang tanong ni John sa dalawa.

“No more, no less,” Lyka answered solemnly. Ito na mismo ang boluntaryong nagkuwento sa binata ng mga pangyayari samantalang parang basang sisiw na nakikinig lang sa tabi si Winona.

Naawa si John sa hitsura niya. “Ba’t ka pumayag sa kondisyon ni Lolo Faustino?”

Napasimangot si Winona. “Sa akala mo ba, may karapatan akong tumanggi?”

“Kunsabagay.” Kagaya ng kababaryo nila, alam din niya ang history ng buhay nito. “Pero, hindi ba puwedeng pakiusapan ang lolo ninyo? Unfair naman yata iyon, porke wala ka pang asawa.”

“Ayokong magmakaawa sa Lolo,” matigas nitong tugon. “Ang totoo ay okay lang sa akin na hindi niya ako pamanahan. Hindi naman ako magugutom kahit hindi niya ako bigyan.”

“Iyon naman pala, ba’t nagmamarakulyo pa ang kalooban mo?” pagtataka ni John. Habang lumalaon,

mas lalong nagiging palaisipan sa kanya ang dalaga.

"The truth is, ayokong mapunta ang mamanahin ko sa Michelle na iyon! Mas lalo lang magmamalaki sa akin ang mag-inang iyon. Okay lang sana kung sa may katuturan mapupunta ang mana ko, pero hindi, eh. Gagamitin lang nila iyon sa layaw ng katawan nila. Magkakamatayan muna kami bago ako pumayag!"

"Wow, taray nito," nababaghang ani John. Ngayon lang niya ito nakitang galit na galit. "Ano'ng balak mong gawin ngayon?"

Hindi agad ito nakaimik. Everything she said were just brave words. Ang totoo ay hindi alam ng dalaga kung ano ang gagawin. Pakiramdam ni Winona sa sarili, malapit na itong mabaliw.

"Wala." Nagsimula na itong suminghot.

"Hay naku, huwag ka ngang ganyan." Nilapitan ito ni Lyka at inakbayan. "May panahon pa naman para mapaghandaan mo ang lahat, di ba?"

"Sa akala mo ba, ganoon lang kadali ang makakuha ng mapapangasawa? Kahit naman nagmamadali ako, ayoko yatang magkaroon ng asawang addict, mang-uumbag, tamad, sugarol, lasenggero, babaero, manloloko, et cetera, et cetera!" mahabang litanya nito.

Gusto niyang sumingit, pero naunahan siya ni Lyka na magsalita. “Sa haba ng listahan mo, wala ka na ngang makukuhang mapapangasawa. Hindi mo ba alam na sa panahon ngayon, abnormal na ang lalaking hinahanap mo?”

“Paano na ako?” Lalo itong nanlumo.

“Mmm…” Umakto si Lyka na parang nag-iisip.

---

“Bakit ako?” gulat na tanong ni John. Dinig na dinig niya ang dagundong ng puso niya.

“Oo nga. Ba’t siya?” pagsang-ayon ni Winona.

“Bakit, ayaw mo?” ani Lyka. Kay John ito nakatingin.

“Alam n’yo naman ang lolo nito, hi-tech ang radar. Baka mamaya, ma-firing squad tayo niyan,” kakamot-kamot sa batok na sabi niya. Pilit niyang tinatago ang excitement na nararamdaman.

Matagal na siyang may lihim na gusto kay Winona, pero hindi niya alam kung paano ito didigahan. Pero tila yata umaayon sa kanya ang panahon ngayon.

Kailangang samantalahin niya ang binigay na pagkakataon sa kanya ng tadhana at siguraduhing

mahulog ang loob sa kanya ng dalaga nang hindi nito namamalayan.

But he had to be careful. Mahirap ispelengin ang katulad ni Winona. He couldn't afford to lose her now.

"Paano niya malalaman kung tayong tatlo lang naman ang nakakaalam?" sagot ni Lyka.

"Ano'ng sasabihin natin?" Binalingan niya si Winona.

"Bakit, pumayag na ba ako?" Pinandilatan siya ito ng mga mata. Halatang tutol ito sa naisip ni Lyka. Gusto niyang panghinaan ng loob; mabuti na lang at maagap palagi si Lyka.

"You don't have to explain. May kasabihan ngang 'love conquers all'."

"And it knows no boundaries at all," he supplied.

"Korak!" Pumalakpak pa ang dalagang inang kaibigan nila. "Ang galing-galing talaga natin!"

Nakita niyang lalong sumimangot si Winona kaya dinaan niya ang lahat sa biro. "Kunsabagay, puwede ka pa rin. Hindi pa naman halatang malapit ka nang mag-menopause, saka wala ka pa namang varicose veins. Puwede ka pang mapagkamalang bente años lang."

"Ulol!" Kinutusan siya ito. "Kunwari nga lang, naiintindihan mo?"

Hinimas ni John ang bahagi ng ulong nasaktan. "Ba't kasi may pakunwa-kunwari pa? Puwede namang gawing totohanan, ah." Pero kahit kunwari pa ang lahat ay kakagatin niya ito.

"It's settled then." Kumuha si Lyka ng tatlong baso at nilagyan ng juice. "Let's toast for your future together."

"Ewan ko sa inyo," tanging sagot ni Winona, pero kinuha nito ang basong may juice at uminom. Parang bigla itong nauhaw sa takbo ng usapan nila.

"Kailan tayo magpapakasal?" pasimpleng tanong ni John.

"Kasal?" Muntik na itong masamid.

"Ano ba ang gusto mo? Live-in?"

"Eh di, pakasal kayo kahit ngayong araw na ito," sabad ni Lyka. Nakangiti ito sa kanila na parang nanunudyo.

"Saan mo gustong mag-honeymoon, dear? Kailangang planuhin nating maigi kung saan tayo magha-honeymoon." Kumuha siya ng kapirasong tissue at akmang magsusulat doon.

"Anong honeymoon ang pinagsasabi mo?" Tuluyan na itong napahumindig.

"Honeymoon, pulot-gata. May ikinakasal bang hindi nagha-honeymoon?" painosenteng tanong niya.

"Pati ba naman iyan, kailangan pa nating pag-usapan?" namumulang asik nito.

"Hayaan mo. Hindi tayo mag-uusap sa oras na nagha-honeymoon tayo." Ngising-aso ang binigay niya rito. He liked watching her blush. Parang masarap halikan ang mga pisngi at labi nito.

"Isa pa at sasakalin na kita," banta ng dalaga sa kanya.

"Ayaw mo? Bahala ka pero huwag mo akong kukulitin kapag wala ka nang mahagilap na lalaki diyan. Hindi na kita pagbibigyan," ganting banta rin niya.

Tumirik ang mga mata ni Winona sa kisame. "Ewan ko sa iyo."

"Think about it. Tawagan mo na lang ako sa talyer kapag nakapagdesisyon ka na." Tumayo siya. Wala siyang balak na pikunin ang dalagang lihim na tinatangi. Baka tuluyan na itong mainis sa kanya. Delikado ang magiging kalagayan niya kapag

nagkataon.

Pero pinigilan siya ni Lyka. "Huwag kang aalis dito hangga't hindi natin naso-solve ang problema ng gagang ito."

Muli siyang naupo. "Nagugutom pa yata ako." Hinimas niya ang tiyan.

"Mamaya, kakain ka ulit," tugon ni Winona.

"Hindi ba puwedeng ngayon na?" pangungulit niya.

Bumilang muna si Winona nang hanggang sampu at humugot ng malalim na hininga bago muling nagsalita. Pero bago nito maibuka ang bibig ay inunahan na niya nito.

"Okay, okay. Basta, hindi utang ang kakainin ko ha?"

"Opo, Pacman," sagot ng nakalabing dalaga.

---

"Kung sa kaguwapuhan, hindi ka naman siguro madedehado sa akin." Nag-pose si John na tila action star sa harap nila ni Lyka.

Kahit naaasar pa rin siya rito ay hindi niya maiwasang matawa sa pagpapakenkoy nito. Hindi

nga naman matatawaran ang kagandahang lalaki nito.

Hindi alam ni Winona kung bakit nanatiling binata pa rin si John hanggang ngayon. Isang bagay na ipinagtataka niya dahil marami siyang nababalitaang mga naging girlfriends nito. Parang kagaya lang ng damit kung magpalit ito ng nobya. Tila hindi ito seryoso sa mga naging karelasyon samantalang tingin pa naman niya kahit noon pa na husband material ito.

Para sa kanya, napakaresponsableng tao ni John. Halos wala rin itong bisyo maliban na lang siguro sa isa o dalawang bote ng beer at minsanang paglalaro ng tong-its sa talyer kasama ang mga trabahador kapag wala nang trabaho.

“Puwedeng-puwede ka pa sa *Starstruck*!” Kinikilig na sabi ni Lyka. Halata sa mga mata nito ang paghanga sa kaibigan.

“*Starstruck* o thunderstruck?” Lalo nitong pinagbuti ang pagpo-pose.

“Siguraduhin mo lang na hindi kasamang masusunog ang mga suot mo kapag tinamaan ka ng kidlat. Sayang naman, puwede pang ibenta ang mga iyan sa ukay,” tudyo niya.

Napakamot ito sa ulo. “Hirap na hirap na nga ako dito, nagawa mo pang manlait?”

Natawa siya sa pagmamarakulyo ng binata.

“Sa lahat naman kasi ng kondisyon ng Lolo Faustino, ito na yata ang pinakaimposible. Bakit ba?” daing ni John sabay subo ng pansit na inihain nila rito.

“Tingin ko, ayaw talagang ibigay ni Lolo ang mamanahin ko sa akin kaya kung anu-ano ang kondisyong ibinigay,” himutok niya.

“At tingin ko, may phobia na si Lolo Faustino na baka magaya kayo ni Michelle sa mga tiyahin ninyong hindi nakapag-asawa,” ani Lyka. “Di kaya isinumpa ang pamilya ninyo?”

Binigyan niya ito ng matalim na tingin. Hindi siya naniniwala sa mga sumpa-sumpa.

“Tingnan mo kasi. Hindi nakapag-asawa ang mga tita mo. Nakapag-asawa naman ang Tito Manuel mo, pero walang anak. Sinuwerte sanang magkaroon ng anak ang Tito Roger mo, pero isa lang.”

“Oo nga ano?” ayon ni John. “Sino kaya ang may galit sa lolo mo?”

“Huwag mo nang itanong at baka madiskubre

pa natin na buong baryo na pala," matabang niyang tugon.

"Ito kasing isang ito, may hitsura sana kaso walang pakinabang sa mga kalalakihan." Sinundot ni Lyka ang tagiliran niya. "Mas gusto pa yata nitong iburo na lang ang sarili kaysa maghasik ng lagim. Hayun, natakot tuloy si Grandpa na baka tuluyan nang maputol ang lahi niya kaya binigyan sila ng ultimatum."

"Kahit naman si Michelle wala pa ring asawa hanggang ngayon, ba't ako ang pinagdidiskitahan niya?" Naglabas siya ng kaunting hinanakit.

"Paano naman kasi, mas may pag-asang makapag-asawa ka kaysa kay Michelle. Kita mo naman ang mukha ng pinsan mo, super chaka!" ani Lyka na muntik na niyang ikinatawa.

"Malay mo, gumanda na siya ngayon," aniya. Tatlong taon na itong hindi nagbabakasyon ng Cumadcad kaya matagal na nila itong hindi nakikita.

"Naku, huwag siyang magkamaling magbilad sa init ng araw. Siguradong maaagnas ang mukha niya."

Sabay-sabay silang tatlo na humagalpak ng tawa.

Mana kasi si Michelle sa Tita Glenda niya. Kulang na sa height, mataba pa. Sadya yatang pinagsamantalahan ito ng panahon dahil kasimpait din ng ampalaya ang hitsura nito. 'Baby Damulag' ang bansag nila rito noon.

"Ano kaya ang nagustuhan ng boyfriend niya sa kanya?" tanong ni Lyka.

"Malay mo, ginayuma ni Michelle," ani John. "Baka may ginagawang orasyon ang pinsan mo kapag sumasapit ang hatinggabi."

Lalo silang natawa sa sinabi nito.

"Over naman yata ang ganoon. Masyado n'yo nang kinakawawa si Michelle," reklamo ni Winona kunwa gayung panay ang tawa.

"Naaawa ka sa kanya, pero sa sarili mo hindi?" angal ni Lyka. "Nakita mo naman kung gaano kamaldita ang gagang iyon. Wala na ngang modo."

"Mas lalong magiging maldita iyon kapag nakuha niya ang mamanahin ko." Muli niyang naalala ang problema niya.

"Kaya nga dapat kumilos ka na. Heto si John, pagtiyagaan mo na kasi."

"Ewan." Lumabi si Winona. Kapag napupunta na

doon ang usapan ay kinakabahan siyang hindi niya mawari. "Mag-isip nga tayo ng ibang paraan."

"Aber nga, tingnan natin. May naisip na ba kayong solusyon?" hamon sa kanila nito.

"Alangan namang i-blackmail natin si Lolo Faustino para palitan ang nasa testamento? Tama na kasi ang naisip ni Lyka," singit ni John.

"Oo nga naman, Winona. Ba't pa tayo magpapakahirap kung payag naman itong si John na maging mister mo?" sang-ayon ng dalagang ina.

"Alangan namang magpakasal kaming dalawa nito?" Hindi niya makuhang tumingin nang derecho sa binata.

"Ano'ng problema doon? Nagmamahalan naman kayo, ah." balewalang sagot nito sa kanya.

Nasuka ba si John sa sinabi ng kaibigan nila? Bakit parang biglang namutla ito?

"Excuse me?" Somehow she knew she had to save her face.

Ngumisi si Lyka sa kanila. "Bilang magkaibigan. Ikaw talaga, napaka-defensive! Made-develop na lang ang feelings n'yo balang araw."

“Parang ganoon lang kadali, ano?” ani John. Mukhang ito naman ang namomroblema. Pero agad din itong ngumiti. “Pero okay lang, basta itong si Winona ang makakasama ko sa buhay.”

Namula siya sa sinabi nito. Kung hindi lang niya kilala si John, iisipin niyang excited na ito sa pinaplano nilang gawin.

# 4

"Ibig mong sabihin, payag ka?" Sari-saring imahinasyon kaagad ang pumasok sa utak ni Winona sa isiping magpapakasal sila ni John. At lahat ng iyon ay pawang nakakapanindig-balahibo.

"Matitiis ba kita? Basta ba ipaglalaba at ipagluluto mo ako at paminsan-minsan ay tumulong ka sa mga gawain sa talyer. Madali lang namang mag-welding. Tuturuan na lang kita."

Biglang naging horror ang malaswang visions na naglalaro sa utak niya sa sinabi nito.

"Mukhang napipilitan ka lang yata," nakasimangot na sabi niya.

Ngumisi ito. "Basta ba, mula ngayon ay libre na ang merienda ko rito."

"Balasubas!" Inis na kinutusan niya ang lalaki.

"Pakisunog na rin ng listahan ko ng utang," dagdag nitong humahalakhak. Ewan niya, but she always found his laughter sexy. Parang palagi siyang kinikilig sa tuwing nakatawa ang binata.

Maybe it was because of his lips. They were thick

yet they looked soft. Parang gusto niyang dampian iyon ng halik.

*Ano kaya ang lasa ng halik ni John?* wala sa loob na nausal niya sa sarili. She had spent nights before wondering what it would be like kissing him passionately on the lips.

"Dapat siguro gumawa tayo ng house rules," putol ni John sa pagmumuni-muni niya.

"Anong house rules?" Hindi niya mapigilan ang maging excited na rin.

"Unang-una, no touching."

"Anong—" Kumunot ang noo ni Winona.

"Never been touched ako, baka mamaya manantsing ka," putol nito sa sasabihin niya.

Nanlaki ang mga mata niya. Diyata? Virgin pa si John?

Pero bumunghalit ito ng halakhak.

"Sira-ulo!" namumulang angil niya. "Ba't kita hahalikan? Ang dungis-dungis mo yata. Amoy-grasa ka pa!"

"Sino naman ang may sabing maghahalikan tayo?" Pinahid nito ang luha sa mga mata na lumabas

dahil sa katatatawa.

"Ikaw, sino pa ba?"

"Excuse me po, pero ang sabi ko no touching at hindi no kissing. Ikaw talaga kung anu-ano ang nasa isip mo."

Shit! Gusto niyang iumpog ang ulo sa sobrang katangahan. Kung bakit kasi ang dumi-dumi ng utak niya. Hindi kaya nagiging pervert na siya?

"Hirap kasi ng mga old maid. Masyadong nagiging wild ang takbo ng utak," iiling-iling na kantyaw nito sa kanya. Binalingan nito si Lyka. "Bigyan mo nga itong kaibigan mo ng ispongha nang malinisan naman ang utak nitong puno ng kalawang."

"Pari at hindi ispongha ang kailangan niyan," sagot ng kaibigan niya na hindi matapus-tapos ang kahahalakhak.

"Hindi kaya malusaw pati kaluluwa nito kapag binasbasan na ng holy water?"

"Sige, pagtawanan ninyo ako," napipikon na sabi ni Winona.

"Kailan ba tayo magiging officially on?" Parang natural lang sa binata ang dating ng tanong nito pero hindi sa kanya. Hindi na yata maaalis ang

pangingilabot ng buong katawan niya sa mga sinasabi nito.

“Ngayon na, siyempre.” Si Lyka ang sumagot para sa kanya.

“N-ngayon na ba?” garalgal ang boses na tanong niya. Pati yata vocal cords niya naapektuhan na rin.

“Alalahanin mo, malapit na ang reunion ninyo. Planuhin n’yo na rin ang inyong kasal at nang matapos na ang problema mo.”

“Hindi ba puwedeng kumuha na lang tayo ng fake marriage certificate?” nanghihinang sabi niya.

“Ayoko,” mariing tanggi ni John. “Paano kung ipaimbestiga ng lolo mo ang kasal natin? Pati ako damay sa gulo.”

“Oo nga naman, Winona. Baka mamaya niyan tuluyan ka nang itakwil ng mga kamag-anak mo. Hirap pa namang kalabanin ng lolo mo,” sang-ayon ni Lyka.

“Ewan ko, di ko na alam ang gagawin ko,” daing niya.

Suyang napakamot ito sa ulo. “Ano ka ba naman, Winona? Si John na ang solusyon sa problema mo. Ang importante, you’re going to make the old man

happy."

"And you'll be a lot richer, baby!" salo ni John.

Nilingon niya ang binata. Nabigla pa siya dahil pinagmamasdan din pala siya nito. "Bahala na nga."

Napangisi ito sa narinig. "Siguro naman, puwede na akong makahingi ng kiss kay Kumander."

"Heto, gusto mo?" Iniamba niya ang kanang kamao. Subukan lang nitong hagkan siya at makikita nito ang hinahanap! Hindi lang halik ang ibibigay niya rito!

---

John had never felt so excited in his whole life. Madaling-araw na at tulog na ang sanlibutan pero gising pa rin siya. He felt so alive. Parang gusto niyang kumanta, sumayaw, tumula, kumain ng apoy o kahit tumulay sa live wire sa sobrang kaligayahang nadarama. Baka nga sa katuwaan ay makabuo pa siya ng isang bagong sidecar sa buong magdamag lang!

Mula sa mezzanine ng kanyang talyer na siyang nagsisilbing bahay niya ay bumaba siya. Halos eight hundred square meters din ang laki ng loteng naiwan sa kanya ng mga magulang niya at sapat na iyon para sa kanyang maliit na negosyo.

Nilibot niya ng paningin ang kabuuan niyon. Maayos na nakagarahe ang mga tricycle niya sa isang sulok kung saan nakaparada ang mga ito pati na rin ang kanyang sasakyan. Pati ang mga kagamitan niya ay nasa lalagyan din. Masinop siyang tao. Hindi por que talyer ang negosyo niya ay kailangang magpakadungis na ang buong kapaligiran niya.

Kailangang panatilihin niya ang kalinisan niyon para mas maayos itong tingnan at mas maraming tao ang lalong maengganyong magpaayos sa kanya ng sasakyan.

Open-type ang talyer ni John. Mayroon lang itong bubong at konkreto ang buong sahig para maiwasan ang pagpuputik sa loob lalo na kapag maulan. Nagpakabit siya ng roll-up doors para may security rin ang buong paligid niya sa gabi.

Ang mga gamit niya ay may maayos na paglalagyan at lahat ng iyon ay may mga pangalan. Ito ang nakasanayan niya mula sa pagtatrabaho niya nang mahabang panahon sa Japan.

Masyadong masipag ang mga tao roon at metikuloso pa. Hindi puwede ang style ng Pinoy na kalat dito, kalat doon. Sa Japan niya natutunan ang matinding disiplina sa buhay. Ang karanasan niya ang nagsilbing gabay para maisakatuparan niya ang

kanyang hangarin sa buhay nang bumalik siya ng bansa.

Lahat yata ng tao ay gustong umasenso. Others left their homes for greener pastures somewhere else kagaya niya, na karamihan ay bumabalik din sa mga pinanggalingan upang doon magsimulang buuin ang pangarap sa buhay.

He could not say that he was above riches now dahil sa kabila ng ipon niya ay hindi pa rin siya lubos na matatawag na milyonaryo. But he was a man with simple dreams. Para sa kanya, sobra-sobra na ang biyayang natatanggap niya sa Maykapal kung materyal na bagay lamang ang pag-uusapan.

He had more than enough to support a family. Kaso, iyon mismo ang wala pa si John. Pangarap din niyang dumating ang araw na makapag-asawa siya at magkaroon ng mga anak. Marami ang gusto niya dahil naranasan niya kung gaano kalungkot ang maging solong anak.

Kapag dumating ang araw na iyon, titiyakin niyang hindi magsisisi ang kanyang magiging kabiyak na siya ang pinili nitong makasama habambuhay.

Muli niyang iginala ang paningin sa paligid. Kapag may asawa at mga anak na siya, hindi maaaring

sa taas pa rin ng talyer sila titira. His house was made for a bachelor. Ang gusto niya kapag nag-asawa na siya ay makapagpatayo ng isang dream house para sa kanyang magiging asawa at anak.

Napabuntong-hininga si John pero may ngiti sa mga labi niya. Matutupad na yata ang pinakakaasam niya!

Sa wakas dumating na rin ang pinakahihintay niyang pagkakataon. Opportunity knocks only once, sabi nga nila, and he would be stupid if he would let it go. Sunggab kaagad ang banat niya!

Hindi na siya maaaring mag-about face pa ngayon. Ilang taon na ba ang tiniis niya? High school pa lang sila, in love na siya kay Winona. Hindi nga lang siya makaligaw rito dahil na rin sa agwat ng estado ng buhay nila.

At hindi lingid sa kanya na may gusto si Michelle sa kanya noon. He didn't want to antagonize the growing hostility between cousins. Saksi siya kung gaano kalalim ang galit ni Michelle kay Winona.

Mahilig sa babae ang ama nitong si Roger Barronzo. Hindi rin maaasahan ni Michelle ang ina dahil malimit na wala ito sa bahay para mag-asikaso sa anak. Kalat na ang balita na hiwalay na ang parents

nito. Pagpapakitang-tao na lang ang pagsasama ng mga ito dahil natatakot ang mga itong alisan ng pension ng matanda kapag naghiwalay.

Maybe that was the reason why Michelle became bitter. Kahit saan ito magpunta ay kailangang makiamot ito ng pagmamahal. Paborito nga ito ng matatandang Barronzo, pero may kondisyon naman ang pagmamahal na ibinibigay ng mga ito. Wala itong sariling kalayaan para gawin ang nais ng puso.

Naawa man siya rito pero hindi niya ito magawang mahalin. Ang puso niya ay matagal nang nakatali kay Winona.

Nagkaroon lang si John ng lakas ng loob nang makapagtrabaho na siya at makapag-ipon ng sapat na puhunan para sa negosyong itinayo.

Kasabay ng pag-uwi niya ay ang balak na panliligaw sa kababata. His feelings for her never changed all these years. Balak niyang yayain kaagad ito ng kasal sa sandaling sagutin siya nito ng oo.

Pero ilang beses ba siyang nag-ensayo ng sasabihin dito na nauwi rin sa wala? Hindi niya akalaing ang iniwan niyang Winona noon ay ibang-iba na sa Winona na daratnan niya pag-uwi.

Mabait pa rin ito at kaibigan pa rin ang turing

nito sa kanya. But somehow he felt that she had built an invisible wall around her.

Dalawang taon na siyang nakauwi ng bansa, pero hindi pa rin niya alam kung paano didigahan ang dalaga. Naunahan na kasi siya ng pangamba na baka hindi siya nito maunawaan. Ganoon siguro ang tunay na pagmamahal, kay hirap iparating sa kinauukulan.

Ginawa na rin niya ang lahat para makalimutan ito. Ilan na ba ang naging girlfriends niyang nauwi rin lang sa break-up lahat? He couldn't force his heart to love somebody else. Who was he fooling anyway? Di ba siya rin?

Para kay John, wala nang makakapantay kailanman kay Winona. Ganoon katindi ang pagmamahal niya rito. Winona had literally grown roots deep in his heart. Kulang na lang ay tubuan pa siya ng lumot.

Pero ngayong binigyan siya ng tadhana ng pagkakataon para ipakita niya ang pagmamahal sa dalaga, titiyakin niyang hindi na siya magsasayang ng panahon pa. Romansang umaatikabo ang gagawin niya rito para hindi na ito makawala pa!

With that thought in his heart and mind, he climbed the stairs back to his loft to get some sleep.

Tomorrow was another day and he still had so much to do. Rather, he had a lot of catching up to do.